

Cycling Matters

**Dear Drivers:
Gabay para sa
Maka-Siklistang
Pagmamaneho**

Filipino

Para sa mga drayber,

Maraming dalang hamon ang ating mga kalsada para sa bawat motorista. Kabilang ang mga pedestrian at pedicab, mga motorsiklo at tricycle, bus at jeep, malalaki at maliliit na truck, at iba't ibang uri ng mga pribadong sasakyan sa gumagamit ng kalsada. Sa nagdaang mga dekada, parami nang parami ang bilang ng mga Pilipinong nagbibisikleta para sa ehersisyo o transportasyon, ngunit nitong mga nakaraang taon, mas kapansin-pansin ang pagdami ng mga siklista sa daan.

Dahil dito, naisipan naming isulat ang gabay na ito para sa inyo. Makabubuti para sa lahat ang pagdami ng mga nabibisikleta. Ang bisikleta nga naman ay isang *accessible, sustainable, at efficient* na uri ng transportasyon. At kung mas maraming tao ang tumangkilik sa pagbibisikleta bilang transportasyon, mas maiibsan ang congestion at polusyon sa ating mga lungsod.

Matatawag rin na *vulnerable road users* ang mga nagbibisikleta—ibig sabihin nito na kinakailangan nila ng konsiderasyon mula sa iba pang motorista sa daan para mas mapabuti ang kanilang kaligtasan. Malaking bagay rin ang tamang imprastruktura sa kaligtasan ng mga siklista. Gayunpaman makakatulong din ang pag-unlad sa kultura ng malasakit para sa kapwa.

Ito ang nilalaman ng gabay na ito.

Umaasa kami na makakatulong ang manual na ito para mapanatili at matiyak ang kaligtasan ng mga siklista sa kalsada. Dahil responsable tayo sa kapakanan ng bawat isa, anumang sasakyan ang ating minamaneho.

Sumasainyo,

Cycling Matters





1

Intindihin na isang uri ng sasakyan din ang bisikleta at ito’y may sakay na taong maaaring maaksidente sa daan. Alalahanin na may karapatan din silang gamitin ang kalsada.

Magandang *safety measure* para sa mga bihasang siklista ang pagbibisikleta nang magkatabi.

- a. Kailangan ng ingat para sa kapwa motorista na maaaring maaksidente sa daan.



2

Espasyo.

Mas mapanganib ang *road hazards* para sa mga bisikleta, kaya minsan maaaring kumabig sa kaliwa o kanan ang mga siklista upang maiwasan ang mga sagabal o panganib (*hazards*) o para bumagal. Kaya dapat magbigay daan o puwang para sa mga siklista bilang kahati sa kalsada.


- a. Huwag masyadong lumapit o dumikit sa bisikleta. Maaaring madisgrasya ang mga siklista o 'di kaya'y kabahan kapag sila'y na-*tailgate*.
- b. Panatilihing may ligtas na *passing distance* kapag nag-*overtake*. Huwag nang sumiksik kung wala nang madaanan. Hintayin na lang ang tama at ligtas na tiyempo na mag-*overtake*.
- c. Mag-iwan ng puwang para sa mga siklista kapag madilim o maulan ang panahon.



3

Maingay para sa nagbibisikleta ang busina ng kotse.

- a. Huwag bumusina para ipahiwatig ang pagkainip sa mga siklista.



4


Huwag i-overtake ang mga siklista at biglang huminto, makakaharang ito sa kanilang daan.

Madalas ito mangyari sa mga nagmamaneho ng PUV.



5

Huwag mag-overtake at lumihis sa iyong lane kapag ika'y liliko, lalo na kung may siklista sa gilid.



6

**Magbigay daan sa mga siklista
hangga't maaari.**





7

Mag-ingat sa pagbubukas ng pinto kung ikaw ay naka-park sa gilid ng kalsada.



8

Maging maláy na may mga siklista sa ating daan.



9

Magbigay-daan sa mga interseksyon. Huwag balewalain ang bilis ng isang siklista.

Mas maiging magbigay-daan sa siklista kapag sila'y nasa tamang daanan kahit mukhang malayo sila mula sa interseksyon



10

**Huwag mag-park sa mga bike lane.
Huwag magmaneho sa bike lane.**



11

Maging maláy sa blind spots ng iyong sasakyan. Maaaring may mga siklista roon.



12

Sumenyas para ipaalam sa mga siklista ang iyong intensyon.

13

Aralin ang cycling hand signals.



Pagliko sa Kaliwa

Tumuturo sa kaliwa. Ipinapahiwatig na kakaliwa ang siklista.



Pagliko sa Kanan

Tumuturo sa kanan. Ipinapahiwatig na kakanan ang siklista.



Magdahan-dahan

Kumukumpas ng bukas na palad paharap sa lupa. Ipinapahiwatig na may palapit na sagabal o panganib (*hazard*) at kakailanganin ng siklista bumagal.



Paghinto

Nakataas ang kamao. Ipinapahiwatig na hihinto ang siklista.



Graba

Kumukumpas ng bukas na palad paharap sa lupa, kinakaway sa lugar na may graba. Ipinapahiwatig na may lubak sa kalsada at maaaring maging mapanganib.



Hukay

Tumuturo sa hukay. Ipinapahiwatig na may papalapit na hukay.



Lumipat sa Kaliwa

Inilalagay ang kanang kamay sa likuran paturo sa kaliwa. Binabalaan ang siklista sa likod na gumalaw pakaliwa para maiwasan ang mga sagabal o panganib (*hazard*).



Lumipat sa Kanan

Inilalagay ang kaliwang kamay sa likuran paturo sa kanan. Binabalaan ang siklista sa likod na gumalaw pakanan para maiwasan ang mga sagabal o panganib (*hazard*).



Dumiretso

Kumukumpas ang kamay paharap para ipahiwatig ang kapwa siklista o motorista na dumiretso.

Cycling Matters

Gabay para sa Maka-Siklistang Pagmamaneho

1st Edition

Ang publikasyon na ito ay lisensyado sa ilalim ng isang Creative Commons Attribution-NonCommercial-ShareAlike 4.0 International License. Maaring makita ang pahintulot sa paggamit ng lisensyang ito sa www.cyclingmatters.ph/dear-drivers.

Isang proyekto ng Cycling Matters at Cocomilk Studio